KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 44 BILANG 3 BASAHIN AT TALAKAYIN MARSO 2024

EDITORYAL

# Lahat para sa digmang bayan!

Ipinagbubunyi ng mamamayang api't pinagsasamantalahan sa Timog Katagalugan ang mga tagumpay sa pagsusulong ng digmang bayan sa rehiyon mula sa halos wala noong magsimula at buksan ang sonang gerilya ng mga pwersang namulat at nakibaka sa ilalim ng diktadurang US-Marcos I. Nilampasan ang mga liko't ikot at pinangibabawan ang mga balakid hanggang mailuwal ang mga larangang gerilya at ang natatanging Pulang hukbo na determinadong isinusulong ang armadong pakikibaka na magtitiyak sa katapusan ng nabubulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Binigo ng mamamayan at PKP-BHB-NDFP ang paulit-ulit na taning ng reaksyunaryong estado na wakasan ang armadong pakikibaka. Higit pa sa preserbasyon sa sarili, ang rebolusyonaryong kilusan ay nagsusulong ng kilusang pagwawasto sa pamamagitan ng walang humpay na pag-aaral, pag-oopensiba sa lahat ng larangan at pagkuha ng inisyatiba upang palakasin ang sarili at bigwasan ang kaaway. Panata nitong ibayong isulong ang matagalang digmang bayan kasabay ng pagpapalakas sa mga anti-imperyalista, antipyudal at anti-pasistang pakikibaka ng mamamayan.

Ang pagpapaigting ng digmang bayan sa balangkas ng kilusang pagwawasto, pagbawi at muling pagpapalakas ay tuntungan sa pagkakamit ng higit pang mga tagumpay. Walang ibang paraan ng paggapi sa kaaway kundi ang magpalakas habang lumalaban at ang masikhay na pagpupukaw, pag-oorganisa, pagpapakilos sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan para sa digmang bayan.

Nananatili ang mga saligang batayan sa pagsulong ng matagalang digmang bayan sa kalagayang mabilis na lumulubha ang pang-aapi at pagsasamantala sa masang Pilipino. Malaganap ang panlipunang ligalig na nagtutulak sa mamamayan na lumaban. Nagsisilbing matabang lupa para sa armadong rebolusyon ang mas masahol na krisis sa ekonomya at pagsidhi ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal.

Ugat ng armadong tunggalian sa bansa ang kawalan ng lupa



KALATAS
Marso 2024
TOMO 44 BILANG 3

NILALAMAN

1 Lahat para sa digmang bayan!
4 Pangunahing Lathalain: Kababaihang nakikibaka, kababaihang 'di pagagapi!
5 Ayon kay Ka Joma
5 Kilos Protesta: Ikatlong taon ng Bloody Sunday Massacre, ginunita sa TK
6 KPKK: Nagpapatuloy at sumisidhi ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan
8 Tugon ni PdG: Bakit papalala ang epekto ng El Niño at ano ang dapat gawin ng mamamayan para harapin ang mga sakunang dulot nito?
10 Balita: Ika-55 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang sa TK
11 Kilos Protesta: Kalbaryo ng anakpawis, tema ng protestang bayan sa Semana Santa
11 Balita: Mga maralitang tutol sa demolisyon, nired-tag ng mga pulis sa Bacoor City
12 Kultura: Rekoberi Erya

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social

ng masang magsasaka. Lumulubha ito dahil sa pangangamkam ng panginoong maylupa (PML) at malalaking burgesya kumprador (MBK) kasabwat ang mga dayuhang monopolyo kapitalista sa malalawak na lupaing agrikultural para sa plantasyong *monocrop*, operasyong mina, proyektong pang-enerhiya, eryang pang eko-turismo, pagtatayo ng mga dambuhalang dam, sonang pang-ekonomya at iba pa. Nagbubunga ito ng malawakang pagpapalayas sa mga magsasaka at katutubo sa kanilang lupang binubungkal. Bangungot sa masang magsasaka ang huwad na reporma sa lupa ng reaksyunaryong gubyerno. Maraming kaso ng pagpapawalang-saysay ng Certificate of Land Ownership Award sa harap ng mga imbing maniobra ng mga PML-MBK kasabwat ang reaksyunaryong korte na muling irekonsentra sa kanilang kamay ang mga lupang ipinagtagumpay ng sama-samang pagkilos ng mga magsasaka. Ganito ang kaso ngayon sa Hacienda Roxas, Hacienda Yap at Lupang Tartaria sa TK. Samantala sa Quezon, ang mga kunwang pamamahagi ng mga lupang asyenda ay pawang "*showcase*" at bahagi lamang ng kontra-rebolusyonaryong propaganda ng AFP at ng reaksyunaryong gubyerno sa mga lugar na isinailalim sa FMO at RCSPO.

Mabilis na naaagnas ang ekonomyang malakolonyal at malapyudal sa mahigit apat na dekadang pagpataw ng mga patakarang neoliberal ng imperyalistang globalisasyon sa bansa. Pinalala ng liberalisasyon at deregulasyon ang krisis sa kanayunan sa pamamagitan ng pagpatay sa lokal na agrikultura. Tinanggal ang mga restriksyon sa importasyon ng iba't ibang produktong agrikultural dahilan para bumagsak ang presyo ng mga lokal na produkto ng magsasaka sa *farmgate*. Dagdag pasanin din ng mga magsasaka ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga *farm inputs*, petrolyo at iba pang kagamitan sa produksyon. Samantala, tumitindi ang banta sa seguridad sa pagkain sa buong bayan. Sa kawalan ng pambansang industriyalisasyon, walang matinong hanapbuhay o trabahong naghihintay sa mga nadislokang manggagawang bukid, maralitang magsasaka, pambansang minorya at iba pang aping mamamayan na nawalan o napalayas sa lupa.

Ang ganitong kalagayan ang nagtutulak sa masang magsasaka na maglunsad ng armadong pakikibaka. Kinakailangan silang gabayan ng proletaryong Partido, ang Partido Komunista ng Pilipinas, upang magwagi. Susi rin ang papel ng nagkakaisang prente para maipatupad ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan na pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan.

Ang paglutas sa problema sa lupa sa pamamagitan ng digmang bayan ang susing kawing upang mapakilos ang pinakamalaking bilang ng mamamayang Pilipino, ang masang magsasaka. Mahigpit na katuwang nito ang pagpapalakas ng pambansa-demokratikong pakikibaka sa kalunsuran, pangunahin sa masang manggagawa at iba pang sektor para tuluy-tuloy na pahinain ang kaaway at dalhin sa tagumpay ang rebolusyon.

Dapat sapulin ang diyalektikong ugnayan ng pagpapalakas ng armadong pakikibaka, pagsusulong ng rebolusyong agrayo (RA) at pagtatayo ng baseng masa upang kamting maitatag at mapatatag ang muog ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan hanggang maipagtagumpay ang DRB. Krusyal na kinakailangan ang pagsusulong

ng RA na may minimum na layuning pababain ang upa sa lupa, pawiin ang usura, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid, bakahin ang pagsasamantalang komersyante-usurero at paunlarin ang kooperasyon at produksyon sa kanayunan. Maksimum na layunin naman nitong wakasan ang monopolyo sa lupa sa pamamagitan ng kumpiskasyon at pamamahagi nang libre sa mga kulang o walang lupa. Ito ang tutugon sa kahilingan ng masang magsasaka at magpapatatag sa kanilang determinasyong isulong ang digmang bayan. Pinatunayan na ng kasaysayan na ang matatagumpay na RA ay nagiging balon ng mga Pulang mandirigma ng BHB.

Dapat palakasin ang armadong pakikibaka at biguin ang mga kampanya ng terorismo at panlilinlang ng kaaway na wala pang katulad sa nakaraan sa laki at bangis. Ginagamit ng estado ang berdugong AFP-PNP, NTF-ELCAC at Anti-Terror Law upang upang alisan ang mga magsasaka, manggagawa at iba pang aping uri at sektor ng karapatang mag-organisa at maghangad ng mas mabuting kalagayan. Sa kanayunan at sa mga lugar na may malakas na paglaban ang mamamayan, pinakakawalan ng mga pwersang reaksyunaryo ang pinakamababangis na anyo ng karahasan, kabilang ang walang habas na pambobomba, masaker, pagpatay, iligal na pang-aaresto at pagpiit, tortyur, sapilitang pagpapasuko, sapilitang pagpapalikas, pagsosona at estratehikong pagha*hamlet.* Maging sa mga kabayanan at kalunsuran, pagawaan at mga eskwelahan ay laganap at tahasan ang mapanupil na aktibidad ng AFP-PNP at NTF-ELCAC.

Pakilusin ang libu-libong mamamayan sa mga sentrong bayan at kalunsuran—mga manggagawa, maralitang lunsod, kababaihan, kabataan, guro, manggagawang pangkalusugan, manggagawa sa transportasyon, kawani, iba pang uri at sektor—para isulong ang kanilang mga lehitimong kahilingan at demokratikong interes. Buuin at palakasin ang mga samahan nila at pakilusin sila sa hayag, lihim , ligal, iligal at mala-ligal na pakikibaka. Ang tagumpay ng pakikibaka sa kalunsuran ay mapatutunayan sa papalawak at papalaking militanteng kilusang masa at pagdaluyong mula sa kalunsuran ng paparaming bilang ng pwersa para lumahok sa armadong pakikibaka. Mahigpit na kinakailangan ng kanayunan ang mga aktibista't kadre na napanday sa malawak na kilusang masa sa kalunsuran mula sa mga manggagawa, mga kabataan, estudyante't propesyunal at iba pang pambansa-demokratikong pwersa para isanib ang kanilang kakayahan at husay sa lakas ng mga magsasaka't manggaggawang bukid para palakasin at patatagin ang kanayuan bilang muog na base ng rebolusyon. Sa kanayunan hakbang-hakbang na magpapalakas ang rebolusyonaryong pwersa upang durugin ang reaksyunaryong hukbo.

Hindi dapat mawalan ng loob ang mga rebolusyonaryong pwersa sa harap ng artipisyal na lakas na ipinapakita ng kaaway. Sila ay tigreng papel sa harap ng nakikibakang mamamayan! Matatag na makikipaggitgitan sa kaaway sa pamamagitan ng mataas na antas ng pleksibilidad at pagiging makilos. Panghawakan na ang paraan para makabawi sa mga pinsala sa isang lugar ay ang magpalakas sa ibang lugar at sa masigasig na pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masa para matitiyak ang tuloy-tuloy na paglaki at paglakas ng hukbo sa harap ng matitinding atake at pagsalakay ng kaaway. Iwasto ang konserbatismo-pasibidad, gerilyaismo, rebeldeng lagalag, milisyaismo at sibilyanisasyon tungo sa opensibang postura sa pulitika at militar at kamtin ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya.

Higit kailanman, ang kawastuhan ng pagsusulong ng digmang bayan ay napatutunayan sa harap ng malubhang krisis ng naghaharing sistema at para ipatanggol ang interes ng sambayanan sa napakatinding pang-aapi at pagsasamantala ng rehimeng US-Marcos II. Ito rin ang tanging paraan para ipagtanggol ang buhay, kalayaan at soberanya ng bansa sa harap ng panghihimasok militar ng US, sukdulang pangangayupapa at pagpapagamit ng rehimeng Marcos II na kumakaladkad sa bayan sa napipintong inter-imperyalistang gera ng US at China.

Tinatanaw natin ang higit pang pagdaluyong ng mga pakikibakang anti-imperyalista, antipyudal at anti-pasista sa rehiyon kasabay ng higit pang pagsusulong ng armadong pakikibaka at paglakas ng BHB. Nananawagan ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng mga mabubuting anak ng bayan—mga magsasaka, manggagawa, maralitang-lunsod, kabataan at lahat ng mamamayang nagnanais ng tunay na pambansang kalayaan, demokrasya, kapayapaan, katarungan at kaunlaran ng bayan, na sumapi sa BHB at iambag ang inyong lakas, talino at husay sa ngipin-sa-ngiping pakikipaglaban sa mga kaaway ng bayan! Ipagtagumpay natin ang DRB hanggang sa sosyalistang rebolusyon bilang dakilang ambag sa pandaigdigang kilusan laban sa bulok, parasitiko at naghihingalong imperyalismo. K

# Kababaihang nakikibaka, kababaihang 'di pagagapi!

Tinuran ni Kasamang Mao Zedong noong 1968 na "hawak ng kababaihan ang kalahati ng kalangitan" upang ibandila at patampukin ang papel nila sa lipunan at rebolusyon. Sa ilalim ng bulok na burges at pyudal-patriyarkal na lipunan, humuhulagpos at mahigpit na katuwang ng proletaryado ang kababaihang anakpawis sa pakikibaka para sa demokrasya't pagpapalaya ng bayan at pagtatatag ng sosyalistang lipunan.




Sa lipunang Pilipino, halos kalahati ng populasyon ay binubuo ng kababaihan. Sila'y matatagpuan sa mga sakahan, pagawaan, maralitang komunidad, eskwelahan at iba pang bahagi ng bansa. Ang pinakaabante sa kanilang hanay ay lumalahok sa pakikibaka para sa pantay na karapatan at sa makauring pakikibaka para igiit ang pambansa-demokratikong adhikain ng sambayanang Pilipino.

**Pinanday sa lokal na pakikibaka**

"Ang kailangan nating gawin ay matapang na harapin ang kaaway, pagkaisahin ang mga api at lumaban." Ito ang tindig ni Ka Ami, 32, isang babaeng lider-magsasaka, noong inaagaw ang kanilang lupa.

Si Ka Ami ay nakatira sa isang komunidad sa Timog Katagalugan na may kinakaharap na tunggalian sa lupa. Naorganisa siya noong 2018 sa kasagsagan ng kampanya para ipagtanggol ang kanilang lupang panirikan at sakahan. Aniya, malawak na ang kanilang tanim na saging at mais nang may dumating na nagsasarbey ng lupa at nagpakilalang may-ari.

"Aba, ay dito na nagsipagtanda ang aming mga ninuno, marami nang namatay na matanda na lumaban para sa lupang ito," sambit ni Ka Ami. Kaya nagkaisa sila sa kanilang komunidad para ipaglaban ang kanilang lupa.

Bilang pinuno ng kanilang samahan, regular na nagbabahay-bahay si Ka Ami at nagpapatawag ng pulong sa mga kababaryo. Dito, kumukuha siya ng ulat upang malaman ang kanilang kalagayan at inihahanda ang iba pang magsasaka para sa pagtatanggol sa lupa. Kwento niya, sama-sama silang humarap sa nagpakilalang "may-ari" ng lupa at sumugod sa munisipyo at sa Department of Agrarian Reform (DAR).

"Tumayo ako sa harap ng opisina ng DAR at sumigaw na 'wag agawin ang aming lupa at hindi kami lalayas!" kwento ni Ka Ami. Hanggang ngayon, nananatili pa rin sina Ka Ami sa kanilang lupa dahil sa lakas ng kanilang pagkakaisa at sama-samang pagkilos.

**Pagtatanggol sa karapatan ng bayan**

Isa namang kabataang estudyante si Ka Kara, 26, noong mamulat sa kalagayan ng lipunan. Nakita niya ang pagiging kolonyal, komersyalisado at elitista ng edukasyon sa pamantasang pinasukan niya sa Timog Katagalugan. Nakita niya rin sa kapwa niya kabataang estudyante ang kahirapan na itaguyod ang sariling pag-aaral.

Napakilos siya noong nalantad ang isyu ng *pork barrel* at korapsyon ng mga tradisyunal at bulok na pulitiko. "Kinasusuklaman ko ang pagkakait ng pondo sa edukasyon at iba pang serbisyong panlipunan habang ang kalakhan ay napupunta lamang sa kamay ng iilan," paliwanag ni Ka Kara.


Sumama siya sa mga protesta upang igiit na ibalik ang kinurakot na pondo at ilipat sa serbisyong panlipunan. Sa proseso ay naranasan niya mismo ang karahasan ng estado noong idispers ng mga pulis ang kanilang hanay. Doon niya nakitang hindi totoong demokratiko ang sistema, at na kailangang ipaglaban ang karapatan at kalayaan.

Ayon kay Ka Kara, "Bilang kabataan, kailangan nating lumabas mula sa mga bulwagan at paaralan, isanib ang ating lakas sa mga aping sektor."

Mula noon, buong panahong inialay ni Ka Kara ang kanyang buhay para itaguyod at ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan. Lumalahok at pinangungunahan niya ang mga pananaliksik sa kalagayan ng mga aping uri at sektor, lalo sa mga lugar na may mga kaso ng pandarahas ang AFP-PNP. Ineeduka nila ang mamamayan na kumilos at inilalantad ang krimen ng mga pulis at militar.

Minsang dinanas niyang harasin ng estado. Hindi iilang beses siyang ni-*red-tag* lalo sa *social media.* Ngunit batid ni Ka Kara na bahagi ito ng pananakot ng estado upang pahinain ang kanyang diwa.

"Hindi dapat matakot na tumindig at lumaban dahil walang mali sa aming ginagawa. Sa gitna nito, lalong kailangang tuluy-tuloy tayong kumilos upang ganap na magtagumpay ang ating pakikibaka," pagtatapos ni Ka Kara. K




"Kailanman mayroong pag-atras, dapat panatilihin ng bawat rebolusyonaryo ang kanyang kumpyansa sa ultimong pananagumpay ng rebolusyon; maglagom, magsuri at humalaw ng mga aral mula sa mga negatibong karanasan; at tingnan ang mga positibong aspeto ng pangkalahatang sitwasyon. Subalit, kapag nagkakamit ng ilang tagumpay, dapat iwasang mahulog sa kayabangan at arogansya. Dapat na maging mapagpakumbaba at kasama ng mga kasama patuloy na magsikap para sa higit pang mga tagumpay.

*- Pahayag sa ikaapat na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, Marso 29, 1973*





# Ikatlong taon ng Bloody Sunday Massacre, ginunita sa TK

Nagsama-sama ang mga pamilya ng mga biktima, mga grupo sa karapatang pantao, at iba pang sektor upang gunitain ang ikatlong taong anibersaryo ng Bloody Sunday Massacre.

Tumagal nang isang linggo ang komemorasyon upang dakilain ang alaala at buhay ng mga biktima na sina Manny Asuncion, Chai Evangelista, Ariel Evangelista, Mark Lee Bacasno, Melvin Dasigao, Puroy dela Cruz, Randy dela Cruz, Abner Esto, at Edward Esto. Naglunsad ang mga progresibong grupo ng *film showing* at *grand tribute* para sa siyam na nasawi. Nagprotesta din sila sa harap ng Department of Justice.

"Mariin pa rin nating sinisingil ang reaksyunaryong rehimen at si Duterte para sa Bloody Sunday Massacre. Hindi tayo tumitigil sa paghahanap ng hustisya lalo na ngayon na hindi pa napapanagot ang AFP-PNP at mismong si Rodrigo Duterte. Patuloy pa rin ang pananalasa ng *whole-of-nation-approach* at ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa pagdidirehe ng papet at pahirap na rehimeng US-Marcos II," ani Charm Maranan, tagapagsalita ng Defend Southern Tagalog.

Kasama rin sa isang linggong paggunita ang mga nakalayang lider-aktibista na sina Mags Camoral, Nimfa Lanzanas, at Joan Efren na iligal na inaresto noong Marso 7, 2021. Noong nakaraang taon, naghain ng *countercharge* si Nimfa Lanzanas sa kaso ng reklamong *grave misconduct* at *grave abuse of authority* laban sa mga pulis na sangkot sa operasyon.

"Hindi dapat iabswelto ang mga sundalo at pulis na sangkot sa Bloody Sunday Massacre. Ipagpapatuloy ng mga kasama ang mga naiwang tungkulin ng mga tagapagtanggol ng bayan," sabi ni Maranan. K



KONGKRETONG PAGSUSURI SA KONGKRETONG KALAGAYAN

# Nagpapatuloy at sumisidhi ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan

Sa panahong nagkalat ang pekeng balita, nirerebisa ang kasaysayan at dumadausdos ang kalidad ng edukasyon, nagiging mas madali para sa imperyalismong US, mga institusyo't ahensyang tagapagtaguyod ng globalisasyong neoliberal at reaksyunaryong estado na ilako ang ilusyong "*newly industrialized* (bagong nag-iindustriyalisa)" o "*emerging market* (papausbong na merkado)" ang Pilipinas. Ipinipinta nito ang larawan ng isang bansang nakawala na sa tanikala ng pyudalismo at atrasadong produksyon, at umaabante tungong kapitalistang pag-unlad.

Nakasisilaw ang imahen, ngunit hindi nito malilinlang ang bayan. Ang di-mapapasubaliang katotohanan ay nananatiling agraryan, pre-industriyal, atrasado at malapyudal ang produksyon at ekonomiya ng bansa. Resulta nito, araw-araw pa ring nagdurusa ang mamamayan ng kanayunan, laluna ang masang magsasaka dahil sa pagkatali sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Batid ito ng PKP-BHB-NDFP na malalim na nakaugat sa kanayunan at nakikipamuhay sa malawak na hanay ng magsasaka.

**Kawalan at kakulangan sa lupa**

Ang monopolyo sa lupa ng kakarampot na pinakamalalaking kumprador panginoong maylupa at ang pyudal at malapyudal na pang-aalipin sa masang magsasaka bunga ng kawalan o kakulangan sa lupa ng mga ito ang batayang kundisyon na pinagtubuan at nagpapanatili sa malapyudalismo. Mula sa inilatag na pyudalismo ng kolonyalismong Espanyol, pinatigas ng imperyalismong US ang monopolyo ng iilan sa lupa para sa sarili nitong ganansya sa layuning panatilihin ito (pyudalismo) upang matiyak ang baseng sosyal ng monopolyo kapitalismo sa Pilipinas.

Ang itinayo naman ng US na papet na republika ay nagpatupad ng serye ng mga huwad na reporma sa lupa sa layong linlangin ang mamamayan at apulahin ang paghihimagsik ng masang magsasaka. Pinakahuling bersyon nito ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na isinabatas noong 1988 na naging CARPER at natapos noong 2014. Saligan sa mga ipinatupad na huwad na reporma sa lupa ang pagbabayad ng amortisasyon ng mga benepisyunaryo ng reporma sa lupa sa presyong itinakda ng PML at ng pamilihan na di kayang bayaran ng mga magsasaka, sa halip na libreng ipamahagi sa kanila ang lupa na matagal na nilang binubungkal.

Ilang siglo nang pinagkakaitan ng lupa ang masang magsasaka. Sa kasalukuyan, may 13.42 milyong ektaryang lupang mabubungkal sa bansa ngunit nasa 70% ng magsasaka ang wala o kulang sa lupa, ayon sa Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura. Kung mayroon mang lupa, papatak lamang ito ng 1.29 ektarya kada "maliit na magsasaka," ayon sa Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA). Sa Timog Katagalugan (TK), karaniwan ang kasong mas mababa pa sa isang ektarya ang binubungkal ng isang magsasaka o di kaya'y pinauupa nito sa maralitang magsasaka.

Kung wala sa kamay ng magsasaka, sino ang mayhawak sa malalawak na lupain ng bansa? Kontrolado at pagmamay-ari ito ng iilang pamilya, mga pribadong korporasyon at ng reaksyunaryong estado na mga kabilang sa naghaharing uring kumprador-panginoong maylupa. Sa 13.42 milyong ektarya, higit kalahati ang hindi sinasaklaw ng CARP dahil sa tusong pagpapalit sa klasipikasyon ng lupa at mga butas sa probisyon ng batas. Nasa 4.9 milyong ektarya, 90% ng target, ang "ipinamahagi" na sa tinatayang 2.8 milyong magsasakang walang lupa sa ilalim ng CARP, ayon sa reaksyunaryong gubyerno. Ang mas malaking bahagi ng natitirang lupain ay klasipikadong lupaing publiko o hawak ng gubyerno. Bulnerable itong ibenta o ipa-*lease* ng gubyerno sa mga korporasyon para gawing sayt ng mga "proyektong pangkaunlaran" kahit na okupado na ito't pinagyaman na ng mga magsasaka. Ganito ang kaso sa mga bayang katabi ng Sierra Madre kung saan iniraragasa ang samu't saring proyektong malalaking dam.

Sa TK, may 835 panginoong maylupa - malaking burgesya kumprador na kumokontrol sa 70% ng kabuuang lupaing agrikultural sa rehiyon. Kabilang sa may pinakamalalawak na lupain ang mga Roxas at Yulo, at ang malalaking MBK sa bansa na Zobel-Ayala, Sy at Villar. Nanatili rin ang asyenda ng mga Yulo, Reyes, Murray, Alvarez, Escudero, Chua, Yap at iba pa sa Laguna, Batangas, Quezon, Mindoro at Palawan. Bukod dito, may higit 909,000 ektaryang lupang apektado ng malakihan at mapangwasak na pagmimina batay sa ulat ng mga magsasaka noong 2017.

Tuluy-tuloy ang mga imbing pakana ng mga MBK-PML at

burukrata upang kamkamin ang lupa ng magsasaka. Halimbawa nito ang pataksil na pagbebenta ng isang huwad na kooperatiba sa Palawan ng lupain ng mga magsasaka sa kumpanyang Agumil na nagpapalawak ng mga plantasyon ng *palm oil.* Pati mga lupang iginawad na sa bisa ng CARP ay nanganganib, tulad ng higit 2,000 ektarya ng Hacienda Roxas na muling inaagaw mula sa mga "benepisyaryo" ng CARP.

Dahil wala o kulang sa lupa, natatali ang mga magsasaka sa mapagsamantala't mapang-aliping kaayusan kung saan kinokopo ng mga PML ang malaking parte ng ani. Napupunta sa PML ang sarplas na produkto sa pamamagitan ng paniningil ng mataas na upa sa lupa, pang-uusura at mababang pasahod sa mga maralita at mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid. Laganap pa rin ang ganitong sistema, tulad sa mga asyenda ng Quezon kung saan umiiral sa mga niyugan ang tersyo pabor sa PML at sa Hacienda Roxas sa Batangas kung saan 50-50 ang hatian. Kalakaran naman sa mga palayan sa Occidental Mindoro ang sistemang katulong kung saan 12-15% lamang ang bahagi ng kasamá.

Dahil kapos na kapos, ang masang magsasaka ay napipilitang magpaupa, nagiging manggagawang bukid o pumapasok sa mga *seasonal* na trabaho sa bayan at lunsod. Isa ito sa mga paliwanag kung bakit mukhang dumarami ang "manggagawa" kasabay ng pagliit ng sektor ng agrikultura. Hindi ito palatandaan ng pag-iindustriyalisa ng bansa, sa halip, sintomas ito ng ibayong paglala ng krisis ng malapyudal na sistema ng ekonomya kung saan nadidisloka sa produksyon ang mga magsasaka't manggagawang bukid bunga ng pangangamkam, rekonsentrasyon at monopolyo sa lupa ng mga MBK- PML. Kaakiba't nito ang paglawak ng mga plantasyong pang-eksport, pagtatayo ng industrial *economic zones, land-use conversion,* mga proyekto at imprastraktura sa kapakinabangan ng mga dayuhan at malalaking burgesyang kumprador – panginoong maylupa.

Dagdag pa, nananatiling atrasado at hiwa-hiwalay ang produksyon sa kanayunan. Hanggang ngayon, nananatiling nakaasa sa kalikasan at gumagamit ng simpleng kagamitan sa produksyon tulad ng araro, suyod, asarol at itak. Maging ang burgis na Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech) ay hindi mapapasubalian ang atrasadong kalagayan ng produksyon sa kanayunan kung saan isinaad nitong mayroon lamang 2.679 *horsepower* ng *farm mechanization* sa palay kada ektarya (hp/ha) nitong Hunyo 2023, malayo sa 7 hp/ha na antas ng mekanisasyon sa Japan at 4 hp/ha sa South Korea. Di hamak na malayong mas mababa ang mekanisasyon ng iba pang produktong agrikultural tulad ng mais, niyog, saging, mga gulay, prutas atbp. Imbes na kaunlaran, pagkawasak sa kabuhayan ng mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid ang introduksyon ng ilang makinarya na kontrolado ng naghaharing uri sa kanayunan at mga kapitalista.



Bukod dito, dinaranas ng mga magsasaka ang pagkasira ng ani sa bawat siklo ng produksyon at sa bawat taon dahil sa mga natural at gawang taong kalamidad bunga ng nagaganap na krisis sa klima. Halimbawa nito ang El Niño ngayon kung saan nawasak na ang 64.4% ng mga palayan sa bansa pagdating pa lamang ng Marso 2024.

**Krisis ng malapyudal na sistema**

Dahil walang pambansang industriyalisasyon, ginawa ng imperyalismong US na nakaasa sa imported na mga kagamitan at input ang produksyon sa bansa at pagluluwas ng mga hilaw na produkto at mga produktong may mababang-dagdag na halaga. Ito ang pangunahing dahilan kaya mataas ang gastusin sa produksyon ng mga magsasaka. Nitong nakaraang dalawang taon, pinasan nila ang lampas doble na pagtaas ng presyo ng abono at mga kemikal pangsaka. Nagmahal din ang langis na kailangan ng mga makina. Ginamit itong dahilan ng mga may-ari ng makina sa Mindoro upang dagdagan ang hinihinging hunos (upa) sa *harvester*, mula sa dating 8-10 kaban tungong 10-12.

Ang pinasidhing liberalisasyon at deregulasyon sa agrikultura ay nagresulta naman sa labis na importasyon ng produktong agrikultural, pagbagsak ng presyo ng produktong bukid sa *farmgate* at pagkalugi ng lokal na agrikultura't iba pang lokal na industriya. Sa kaso ng palay, totoong itinaas ang *buying price* ng NFA tungong P25-27 subalit mababa pa rin dito ang presyong iniaalok ng mga *trader*. Sa Laguna, nasa P17.50 kada kilo lamang ang bili ng isang agrikorporasyon sa palay ng mga magsasaka (2023), habang mataas na ang P19 kada kilo na bili sa Calintaan kumpara sa ibang bayan sa Occidental Mindoro (2022). Malaking banta naman sa mga magsasaka sa tubuhan ang pakana ng rehimeng Marcos II na importasyon ng mas malaking bolyum ng asukal. Itinulak nito ang mga lokal na prodyuser tulad ng Central Azucarera de Don Pedro, Inc. sa Batangas na huwag nang bumili ng tubo sa magsasaka at sa halip ay mag-import na lamang ng *raw sugar* na kanilang irerepina.

Matagal nang problema ng mga magniniyog sa Quezon ang mababang presyo ng kopra, na mula sa dating higit P30 kada kilo ay bumagsak nang hanggang P12 noong pandemya. Bahagya itong umangat tungong P20 subalit lubhang kulang pa rin para maging sapat ang kita. Hindi istable ang presyo ng kopra dahil sa monopolyo kapitalismo lalo ngayong apektado ang presyo ng ini-eksport na *coconut oil* sa pandaigdigang merkado buhat nang sumulpot ang mas murang *palm oil* dahil sa agresibong pagpapalawak ng mga plantasyon nito sa pandaigdigang saklaw sa kapinsalaan ng labis na pagkawasak ng kagubatan sa mga bayang kolonya at malakolonya gaya ng Pilipinas.

Sa ganito, gutom ang sinasapit ng masang magsasaka ngayong napakataas ng presyo ng bilihin lalo ng pagkain at apektado maging ang suplay ng abot kayang presyo ng mga batayang pagkain ng sambayanan. Hindi na rin sumasapat ang kanilang sariling tanim para sa konsumo dahil sa mga dinaranas na peste sa sakahan, baha, tagtuyot at pagkasira ng kalikasan o pagkasaid ng sustansya ng lupa. Upang tustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan, umuutang ang magsasaka kahit mataas ang interes. Naging takbuhan na nila ang mga institusyon sa *microfinance* na nagpapatong ng 15% interes, 7 beses na mas mataas kaysa bangko. Dahil sobrang kapos, dalawa o higit pa ang pinapasok na *microfinance* ng mga magsasaka. Nakasalalay rin sa utang ang kapital na gagamitin para sa isang siklo ng pagtatanim, kaya't imposibleng makaalpas sa utang ang magsasaka.

Ang realidad ng malubhang paghihikahos ng masang magsasaka hanggang sa kasalukuyan ang magpapasubali sa kasinungalingan ng estado at burgis na mga ekonomista na industriyalisado na ang bansa para pagtakpan ang hambalos ng mga neoliberal na patakaran sa ekonomiya, gayundin ang mga lihis na pagsusuri na napapawi na ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala . Ang mga plano at palabas ng reaksyunaryong estado na "modernisasyon" sa agrikultura, pagbibida sa tumataas umanong "mekanisasyon" dahil sa pagdami ng imported na makinarya, paghikayat sa dayuhang korporasyon na mamuhunan sa agrikultura at maging ang mga bagong paraan ng pagdadala sa merkado ng produktong agrikultural sa pamamagitan ng *internet* ay pawang mga hungkag na solusyon at hindi tumuturol sa ugat ng problema—ang kawalan o kakulangan sa lupang mabubungkal ng magsasaka at ang kawalan ng tunay na pambansang industriyalisasyon. Hangga't umiiral ang batayang kundisyong ito, hindi susulong ang lokal na produksyon, malayo sa landas ng kaunlaran ang bansa at mananatiling busabos ang buhay ng masang magsasaka.

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Bakit papalala ang epekto ng El Niño at ano ang dapat gawin ng mamamayan para harapin ang mga sakunang dulot nito?

Nananalasa sa buong mundo ang malubhang epekto ng El Niño, isang penomenong pangklima na nagaganap sa pagitan ng 2-7 taon. Sa tuwing may El Niño, tumataas ang temperatura ng tubig sa karagatan at humihina ang hangin kaya bihirang umulan o mamuo ang masamang panahon *(low pressure area)*. Matindi ang init sa silangang bahagi ng Pacific Ocean (Asia at Oceania) habang may mga bagyo at pagbaha naman sa kanlurang bahagi (Americas).

Ang Pilipinas na matatagpuan sa silangang bahagi ng Pacific Ocean ay dumaranas ng El Niño sa anyo ng labis na init o kawalan ng ulan at mabilis na pagkatuyo ng tubig (bukal, balon, sapa at ilang ilog). Sa buong bansa, 80 probinsya ang labis na apektado nito kabilang ang Cavite, Laguna, Batangas, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro at Palawan.

Dulot ng El Niño, dinaranas ng mamamayan ang mga pinsala sa kabuhayan (pagkatuyo at pagkasira ng mga pananim, pagliit ng huli sa pangingisda at mga *fishkill*) at kalusugan *(heat stroke, dehydration* at mga katulad). Naiulat na umaabot na sa P770 milyon ang pinsala sa agrikultura sa MIMAROPA habang P7 milyon sa CALABARZON. Banta rin ito sa seguridad sa pagkain dahil sa pagkasira hanggang pagkamatay ng mga pananim na pagkain ng mamamayan. Sa ulat ng Department of Agriculture nitong Marso, 64.40% ng kabuuang napinsalang pananim sa bansa ay palay. Samantala, nagkakaroon din ng disbalanseng ekolohikal sa malawak na katubigan.

**Ugat ng paglala ng El Niño**

Sa nakaraang mga taon, kapansin-pansin na dumadalas ang malubhang epekto ng El Niño dulot ng pagtindi ng pag-init ng daigdig *(global warming)*. Sa Pilipinas, papatindi ang epekto ng pagbabago ng klima dahil sa tuluy-tuloy na pagkawasak ng kalikasan resulta ng labis na pagkalbo sa mga kabundukan dahil sa pagtotroso, malakihang pagmimina, pagtatayo ng mga dambuhang dam at iba pang proyekto at imprastraktura. Pangunahing salarin sa mga ito ang imperyalismo kasabwat ang malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa.

Mula dekada 1970, patuloy na lumiliit ang kagubatan ng Pilipinas dahil sa mga pagtotroso ng mga dayuhang

kumpanya. Ayon sa Forest Management Bureau, ang *forest cover* ay bumagsak sa 7 milyong ektarya na lamang na katumbas ng 23.3% sa kabuuang lupain ng bansa. Dahil ito sa walang habas na pangwawasak sa kalikasan ng imperyalismo para kunin ang mga murang hilaw na materyales kagaya ng mga yamang mineral at *rare earth metals* at makahuthot ng supertubo sa kapinsalaan ng mga mamamayan ng daigdig laluna ng mga nasa kolonya at malakolonya.

Kabilang din sa pangunahing sanhi ng pag-init ng mundo ang pagsusunog ng *fossil fuel.* Ang imperyalismong US ang isa sa mga bansang pinagmumulan ng pinakamalaking carbon emissions dahil sa paggamit at paglalako nito ng langis na panggatong. Ayon sa pag-aaral ng Oil Change International, isang grupong nananaliksik at may adbokasiya sa paglaban sa *climate change,* na ang walo sa pinakamalalaking prodyuser ng langis at gas na nakabase sa US at Europa—BP, Chevron, CanocoPhillips, Eni, Equinor, ExxonMobil, Shell at TotalEnergies— ay wala alinman sa kanila ang naka-ayon sa paglilimita ng *global warming*. Wala ring patunay na seryoso silang maging bahagi ng transisyon sa malinis na enerhiya. Mapapansin din na ang mga kumpanyang US ang pinakamalala sa pinakamalala sa mga kategoryang kanilang inaral, gaya ng plano para bawasan ang explorasyon at produksyon ng *fossil fuel,* integridad sa pamamaraan para mabawasan ang *greenhouse emissions* at komitment para sa pagpapatupad ng "nakatuon sa mamamayan na transisyon" palayo sa paggamit ng *fossil fuels.* Malawakan ding dinadambong ng imperyalismo ang reserbang *coal* at *natural gas* sa mga kolonya at malakolonya gaya ng Pilipinas.

Sa kabilang banda ang ibang pagkukunan ng enerhiya katulad ng *liquefied natural gas* (LNG) ay dominado rin ng imperyalismong US. Bilang pangunahing *exporter* ng LNG, tiyak na makikinabang ito sa iniraratsadang LNG plant sa Batangas



at iba pang bahagi ng bansa. Malubha ang gagawing pinsala ng LNG sa kalikasan dahil sa inilalabas nitong dumi. Ang Verde Island Passage, isang *protected area* at tahanan ng samu't saring buhay-dagat sa pagitan ng Batangas at Mindoro ang pangunahing pipinsalain ng iniraratsadang LNG plant.

**Mga dapat gawin sa pagharap sa El Niño**

Kailangang ilantad ang mga imperyalista bilang ugat ng pagkasira ng kalikasan at pag-init ng mundo na nagdudulot ng pagbabago ng klima, kasabwat ang mga reaksyunaryong gubyerno kagaya ng tutang si Marcos Jr. Dapat tutulan ang korporadong pagtotroso, malalaking pagmimina, mga proyektong reklamasyon, pagtatayo ng mga dambuhalang dam at iba pang huwad na proyektong pangkaunlaran na mapanira sa kalikasan. Dapat na singilin at papanagutin ang mga monopolyo kapitalistang dayuhan at lokal na MBK-PML sa labis na pangwawasak sa kalikasan.

Inutil ang rehimeng US-Marcos II na lutasin ang problema ng bayan sa sakunang dulot ng El Niño. Ilantad ang mga pantapal na solusyon nito gaya ng gamumong "ayuda" at ang tunay na mukha ng militaristang Task Force El Niño. Batikusin ang korapsyon sa "ayuda" at pautang na mga pakana ng mga burukrata kapitalista para pagkakitaan ang kahirapan ng bayan. Singilin at papanagutin sa kriminal na pagpapabaya ng reaksyunaryong rehimen. Kailangang igiit ng taumbayan na ilaan ang pondo sa kapaki-pakinabang na mga proyekto at solusyon sa El Niño sa halip na sa anti-mamamayan at anti-demokratikong *charter change* at pondong militar.

Dapat na kumilos ang sambayanang Pilipino upang tiyakin ang sapat na pagkain sa gitna ng pagkatuyo ng mga pananim at sumisirit na implasyon. Dapat kalampagin ang mga ahensya ng gubyerno na magbigay ng sapat na ayuda at subsidyo sa agrikultura. Tiyakin ang mga kongkretong hakbangin upang magkaroon ng sapat na tubig sa mga sakahan at komunidad. Ipanawagan din ang kanselasyon ng mga utang at upa sa lupa ng mga magsasaka sa panahon ng sakuna. Bigyang tutok din ang mga komunidad ng mangingisda at pakilusin sila para sa kanilang kabuhayan.

Sa harap ng palyadong solusyon ng rehimen, ipanawagan ang pagpapabasura ng mga neoliberal na patakarang liberalisasyon at importasyon na lalong pumapatay sa lokal na agrikultura.

Palakasin ang mga nakatayo na at paramihin pa ang mga samahang masa na magbubuklod sa mamamayan lalo para sa pagharap sa sakuna. Ilunsad ang malawakang propaganda at edukasyon upang linawin sa mamamayan ang penomenong El Niño at pananagutan dito ng imperyalismo. Ilunsad ang puspusang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan upang makamit ang kanilang mga demokratikong kahilingan sa panahon ng tagtuyot.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa na pangunahan ang pagharap ng mamamayan sa nararanasang napakatinding init at kakulangan ng tubig lalo sa mga sentrong bayan at siyudad. Sa kanayunan, kailangang pangunahan ng mga rebolusyonaryong samahang masa kagaya ng Pambansang Katipunang Magbubukid ang pagbabalangkas ng mga programa at solusyon sa matinding tagtuyot. Bumuo ng mga plano para sa pamamahagi ng tubig sa mga komunidad, pagpapagana ng suyuan at programang pangkabuhayan. Sa kalunsuran, pakilusin ang mga manggagawa, kabataan, mala-proletaryado, at mga propesyunal kagaya ng mga siyentista, guro, taong-simbahan, manggagawang pangkalusugan at iba pa para sa mga mapagkawanggawang programa, makakalikasang adbokasiya at siyentipikong pananaliksik at solusyon sa tagtuyot. Ipalaganap ang programa ng rebolusyonaryong kilusan sa pagharap sa El Niño.

Maaasahan ang mga yunit ng BHB sa pag-alalay sa sakuna. Kabilang sa mga serbisyong maaaring ibigay ng BHB ang kampanyang edukasyon kaugnay sa El Niño, pagbubuo at pagpapatibay ng mga samahan, gawaing produksyon kagaya ng paghuhukay ng mga balon at paggagawa ng irigasyon at serbisyong medikal.

Isinusulong ng PKP-BHB-NDFP ang pambansa demokratikong rebolusyon upang mapalaya ang bayan sa kuko ng imperyalismong US at pagkagapos ng pyudalismo at burukrata kapitalismo na ugat ng kahirapan ng bansa at pangwawasak sa kalikasan. Nasa programa ng pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba ang pagtitiyak ng kabuhayan ng mamamayan kasabay ng pangangalaga sa kapaligiran.

# Ika-55 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang sa TK

Mainit na sinalubong ng buong rebolusyonaryong kilusan sa TK ang ika-55 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 29. Naglunsad ng mga pulong pagdiriwang at aksyong propaganda sa loob ng mga sonang gerilya at mga lungsod upang ibandila ang kadakilaan ng 55 taong armadong pakikibaka ng BHB.

Sa Rizal, namigay ng polyeto ang mga rebolusyonaryong pwersa sa lungsod bilang pagsalubong sa anibersaryo ng BHB. Ipinamahagi sa Antipolo ang polyetong "10 dahilan bakit mahal ng mamamayan ang NPA" noong Marso 28, kasabay ng tradisyunal na prusisyong kaugnay ng Semana Santa. Matagumpay ang dagliang aksyong propaganda na pinangunahan ng National Democratic Front-Rizal. Kinabukasan, Marso 29, isinabit ng ARMAS-Rizal ang inihandang likhang sining na balatengga sa Taytay.

Nagsagawa naman ang Kabataang Makabayan-Timog Katagalugan ng pagpipinta, *sticker bombing* at pagsasabit ng istrimer sa loob ng UP Los Baños na may panawagang "Mabuhay ang ika-55 anibersaryo ng BHB". Nag-imprenta sila ng mga pahayagan ng Ang Bayan at Kalayaan-TK at ikinalat ito sa iba't ibang bahagi ng *campus*.

Sa Cavite, nagkalat ang mga pinta at istrimer ng pagpupugay at pagdiriwang sa kahabaan ng mga mayor na kalsada.

Tagumpay na naglunsad ng pagdiriwang ang mga yunit ng BHB Mindoro sa piling ng mga masang magsasaka sa kabila ng presensya ng mga tropa ng AFP-PNP. Dumalo sa mga aktibidad ang mga kabataan mula sa hanay ng mga katutubo, magsasaka at estudyante.

Isa rito si Ka Lyka na nagbigay ng mensahe ng pagbati sa BHB. Aniya, "Sa maikling panahong nakasama ko ang Hukbo ay napatunayan at nakita kong mabuti ang inyong hangarin. Nagpapasalamat ako sa mga martir na nag-alay na ng kanilang buhay para ipagtanggol ang mga mahihirap na tulad natin at ipaglaban ang kalayaan ng ating bayan mula sa mga dayuhan."

Naglabas naman ng bidyo-pahayag ang tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command - BHB Quezon na si Ka Cleo del Mundo bilang pagbati at hamon sa pagsalubong sa ika-55 anibersaryo. Nagpasalamat siya sa mamamayan ng Quezon at mga kaibigan ng rebolusyon sa loob at labas ng bansa na patuloy na sumusuporta sa BHB. Idiniin niya ang pangangailangang palakasin ang BHB sa harap ng tumitinding krisis at pang-aatake ng estado sa mamamayan.



## Kalbaryo ng anakpawis, tema ng protestang bayan sa Semana Santa

Nagtipon ang mga kabataan, magsasaka, manggagawa, maralitang taga-lungsod, at taong simbahan upang isagawa ang taunang malikhaing protesta sa panahon ng paggunita sa semana santa sa pamamagitan ng Kalbaryo ng Mamamayan na nagpapakita ng kahirapan, kagutuman, at kawalang-hustisya sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II.

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan, isinagawa ang Kalbaryo noong Marso 25 sa porma ng malikhaing dula tulad ng nakagawiang tradisyon taun-taon na kolektibong binuo ng mga manggagawang pangkultura mula sa iba't ibang sektor. Pinatampok sa Kalbaryo ang pagkundena ng mamamayan sa iniraratsadang Charter Change, kabagalan at kapabayaan ng pamahalaan sa pagtugon sa El Niño, kawalan ng tunay na reporma sa lupa at ang di nakabubuhay na sahod.

Katulad ng pagpapahirap kay Hesukristo na inilalahad sa Stations of the Cross, tumungo ang delegasyon sa Department of Labor and Employment (DOLE), Commission on Higher Education (CHED), Department of Environment and Natural Resources (DENR), Department of Agriculture (DA), at Department of Agrarian Reform (DAR) upang irehistro ang kanilang mga hinaing at singilin sa kapabayaan at sa mga kontra-mamamayang patakaran ang rehimeng US-Marcos II.

Ayon kay Kyle Salgado, tagapagsalita ng BAYAN-TK, "Ang imahen at talambuhay ni Hesukristo ay katulad ng imahen at talambuhay ng karaniwang mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Ang pasaning krus ng mamamayan ay dulot ng imperyalismong United States at ang pagpapakapapet ng rehimeng US-Marcos II. Kailangang sama-samang magsikap na lumaban para sa ating karapatan upang wakasan ang kalbaryo na ito at malinawagan tayo na ang inaasam na langit ng sambayanan ay dito rin natin makakamit sa lupa."

Sa Cavite, inilunsad ng mga taga-Tartaria ang Kalbaryo ng Mamamayan noong Marso 28. Nagprusisyon ang mga kabataan at magsasaka sa kahabaan ng Sta. Rosa-Tagaytay Road kung saan mayroong 14 na istasyon na nagsasabuhay ng kahirapan ng Cavite. Ipinakita ang kanilang kahirapan dahil sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa; banta ng demolisyon at pagpapalayas ng mga panginoong maylupa at burgesya komprador sa kanila at pagpapalit-gamit ng mga lupaing agrikultural tungong mga subdibisyon, komersyo, eko-turismo, at iba pa; kawalan ng suporta ng gubyerno sa sektor ng agrikultura; at ang malawakang *red-tagging* at paniniktik sa mga lider-organisador at aktibista.

Sa Rizal, isinabay ang Kalbaryo ng mamamayan sa Alay Lakad sa Antipolo City noong Marso 28. Laksa-laksang mamamayan ang nakasaksi ng pasan-pasang krus ng kahirapan ng mga maralita. Itinambol ang mga hinaing at kahirapan ng Rizaleño sa pamamagitan ng krus na may nakasulat na mga panawagan. Namigay ng polyeto hinggil sa mga isyu, tulad ng mataas na presyo ng bilihin, mababang sahod, kahirapan, epekto ng El Niño, kawalan ng lupang sakahan at panirikan dahil sa pagpapalit-gamit ng lupa; mga panawagan laban sa huwad na proyektong pangkaunlaran tulad ng Kaliwa-Kanan-Laiban Dam at Wawa Dam; at paglalantad sa walang tigil na pananakot, *red-tagging* at militarisasyon ng 80th IBPA. Nagsagawa ng *busking* (pagtugtog ng awit para manghingi ng donasyon) ang mga kabataang maralita at mga estudyante malapit sa simbahan ng Antipolo. Sa pamamagitan ng mga awit, ipinanawagan nila ang kahalagahan ng sama-samang pagkilos, paglaban sa mga sanhi ng kahirapan at paggigiit sa serbisyong panlipunan.

## Mga maralitang tutol sa demolisyon, ni*red-tag* ng mga pulis sa Bacoor City

*Red-tagging* ang tugon ng Community Affairs Development and Public Information Office (CAD-PIO) ng Bacoor Component City Police Station (Bacoor CCPS) sa pagtutol ng mga maralita at progresibong grupo sa nakaambang demolisyon sa Brgy. Talaba 7 at Niog 1, Bacoor City.

Naganap ang *red-tagging* sa PNP Lecture and Community Outreach Program noong Marso 31 sa komunidad ng mga maralita sa Sitio Silangan, Brgy. Talaba 7. Matapos ang programa, namahagi ang mga pulis ng mga *"anti-terrorism" flyers* na naglalaman ng mga larawan at pangalan ng mga lider-maralita at kanilang inaanibang organisasyon.

Kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan - Cavite ang pangre*red-tag* ng Bacoor CCPS sa mga aktibista. Anito, "Malinaw sa batas kung saan ginagarantiya nito ang karapatan ng mamamayan na magbuo ng organisasyon, maglunsad ng mga protesta o asembliya patungkol sa kanilang mga hinaing at karapatang magsalita. Ang ginawang *red-tagging* ng Bacoor CCPS katuwang ang *local government units* ay tahasang paglabag sa mga karapatang nabanggit."

Simula 2019, sunud-sunod ang panggigipit, panunuunog, kabi-kabilang *drug raid operations* at *harassment* sa mga residente ng Sitio Silangan. Naniniwala ang mga residente na bahagi ito ng maitim na pakana para palayasin sila. Nitong Marso 15, pinadalhan ng *demand letter* ang lokal na samahang masang Bagong Silangan kung saan binibigyan na lamang ang mga residente ng hanggang Marso 31 bago sapilitang paalisin sa kanilang komunidad.

# Rekoberi Erya

*ni Eduardo Labrador*



*Intro: C-F-G (2x) G7-C*

 *C               Dm*
Lugar na naiwan at di nabalikan
  *G                          C*
dahil konserbatibo, kulang sa paraan
                    *C7       F*
at dahil din sa salot, berdugong kaaway
            *C    G            C*
sa pagbalik natin, dobleng ingat lamang

                           *Dm*
Marami nang nanghina, mga kalooban
                       *C*
mga nasa lokal, mga dating pultaym
            *C7           F*
dapat pagbutihin, SI palalimin
        *C        G       C*
tiyaking laging ligtas ang GSM natin

                          *Dm*
Dahil rin sa ating mga kakulangan
                           *C*
nang unang itatag ang mga samahan
           *C7          F*
hindi natin agad sila naturuang
             *C    G            C*
kahit na maiwan, tuloy lang ang laban

                          *Dm*
Nakakapagpulong kahit sila lamang
   *G                  C*
nakakapagtasa kahit sila lamang
                 *C7       F*
laging may punahan sa pamamaraan
        *C      G         C*
sila'ng namumuno sa kanilang laban
*Dm*
Sa simula lamang na organisahin
*G                          C*
Turuang umasa sila sa sarili
             C7
at sa lagi lagi sila'y pag-ulatin
          *C      G      C*
mga pagpupulong, mga suliranin
(mga pagpupulong at mga hakbangin)

(Ulitin sa pinakahuli bago magtapos ang kanta)

Koro:
                          *Dm*
Ito ang gintong aral, sa'ting karanasan
               *G       C*
Sa gawain natin, hu'wag kalilimutan
              *C7         F*
Sumalig sa masa, sila'y paglingkuran
         *C   G              C*
Silang tagapaglikha, nyaring kasaysayan!